DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE - CAR
JUL 31 2023

**Advisory No. 099 . 2023**

Hulyo 31, 2023

In Compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**PAGDARAOS NG IKA-8 PANDAIGDIGANG WEBINAR-WORKSYAP**

Magdaraos ng **Ika-8 Pandaigdigang Webinar – Worksyap** sa asignaturang Filipino na may temang "Orag, Rigmat, at Agimat ng Kulturang Popular sa Multidisiplinaryo at Interdesiplinaryong Perspektibo ng Pagtuturo at Pakikibaka" ang **Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)** sa Lungsod ng Naga (Camarines Sur) sa **ika-3-6 ng Agosto 2023** sa **Ateneo de Naga University (F2F) at Zoom Meeting (OL).**

Layunin ng webinar-worksyap ang sumusunod:

1. maitampok ang konteksto ng kulturang popular sa ika-21 siglo;
2. maibahagi ang gampanin ng pamimilosopoya sa pagtuturo ng kulturang popular;
3. maipakita ang malikhain at inobatibong pagtuturo ng kulturang popular sa medyor;
4. maituro ang mga praktikal na teknik sa pagsulat ng mga kuwentong pambata at ang relasyon nito sa malawakang pagtangkilik ng mga mambabasang pinag-uukulan nito;
5. maipaliwanag ang koneksiyon ng kulturang popular sa pagsusulat ng panitikan;
6. maisalaysay ang kultural na danas bilang konkretong halimbawa ng kulturang popular;
7. mapag-usapan ang kaugnay na sikolohiya sa usapin ng kulturang popular; at
8. makapagbasa ng papel-pananaliksik at makapagpakitang-talento at talino ang kaguruan ng/sa Filipino.

Kaugnay nito, hinihikayat ang **mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang Senior High School** na mapahintulutang makadalo at makalahok sa makabuluhang gawaing ito. Kalakip ng sulat na ito ang mekaniks at/o tuntunin sa pagbabayad at ang programa. May rehistrasyong **Php 3,500** ang gawaing ito para sa professional fee ng mga ispiker, bayad sa venue, sertipiko, kits at hand-awts, at tanghalian.

Para sa ibang tanong at paglilinaw, maaaring makipag-ugnayan sa telepono 09399042269 0 email address na b_bical@yahoo.com.

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

31 Hulyo 2023

**DR. ESTELA L. CARIÑO**
*Direktor*
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong CAR

Mahal na Direktor Cariño:

Mapagpalang araw.

Ang ***Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)*** sa Lungsod Naga (Camarines Sur) ay magdaraos ng **Ika-8 Pandaigdigang Webinar-Worksyap** sa asignaturang Filipino na may temang *"Orag, Rigmat, at Agimat ng Kulturang Popular sa Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Perspektiba ng Pagtuturo at Pakikibaka"* na magaganap sa **ika-3-6 ng Agosto 2023 sa Ateneo de Naga University (F2F) at Zoom Meeting (OL).**

Layunin ng webinar-woksyap ang sumusunod: **(1)** maitampok ang konteksto ng kulturang popular sa ika-21 siglo, **(2)** maibahagi ang gampanin ng pamimilosopiya sa pagtuturo ng kulturang popular, **(3)** maipakita ang malikhain at inobatibong pagtuturo ng kulturang popular sa medyor, **(4)** maituro ang mga praktikal na teknik sa pagsulat ng mga kuwentong pambata at ang relasyon nito sa malawakang pagtangkilik ng mga mambabasang pinag-uukulan nito, **(5)** maipaliwanag ang koneksiyon ng kulturang popular sa pagsusulat ng panitikan, **(6)** maisalaysay ang kultural na danas bilang kongkretong halimbawa ng kulturang popular, **(7)** mapag-usapan ang kaugnay na sikolohiya sa usapin ng kulturang popular, at **(8)** makapagbasa ng papel-pananaliksik at makapagpakitang-talento at talino ang kaguruan ng/sa Filipino.

Hinihikayat ang **mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang *Senior High School*** na mapahintulutang makadalo at makalahok sa makabuluhang gawaing ito. Kalakip ng sulat na ito ang mekaniks at/o tuntunin sa pagbabayad at ang programa. Kaugnay nito, hinihiling ng aming samahang makakuha ng ***memo at/o advisory*** ng inyong pag-endoso o **pabatid o *announcement*** gaya sa **ADVISORY ng REGIONAL DIRECTOR ng NCR**. May rehistrasyong **Php 3500** ang gawaing ito para sa *professional fee* ng mga ispiker, bayad sa *venue*, sertipiko, kits at hand-awts, at tanghalian.

Nawa'y magkaroon ng positibong tugon ang sulat na ito sa pagpapatuloy at pagpapaalab ng de-kalidad na edukasyon lalo na't pagpapalakas sa wikang Filipino. Sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09399042269** o sa email address na **b_bical@yahoo.com.**

Dalangin po namin ang inyong positibong pagtugon.

Salamat po.

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

Lubos na gumagalang,

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Punong Tagapamahala ng Gawain

**MELINDA R. CARDANO, EdD**
Pangulo ng *SAGIF*